**Sa Mataas na Paaralan:**

- karaniwan ang magkaroon ng dalawang araw ng pag-ikot ng mga kurso o subjects (4 na kurso sa bawa't araw).
- letter grades ang binibigay at kapag hindi nakapasa sa indibidwal na kurso, umaabante pa rin sila sa susunod na grado sa kursong kanilang ipinasa.
- may mga ilan na kursong kailangan sa pagtatapos. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang brosyur na may titulong **Graduation Requirements sa BC**.
- May provincial exams na kailangan sa ilang kurso para sa pagtatapos.

*Bawa't aspeto ng kurikulum ay may learning standards na inuutos ng Ministry of Education. Kasama sa mahalagang prinsipyo ay:*
*- ang pag-aaral ay sumasangkot ng aktibong pakikipaglahok ng mag-aaral.*
*–ang pag-aaral ay nangyayari sa iba't-ibang paraan at galaw.*
*– ang pag-aaral ay parehong indibidwal at prosesong panggrupo.*

VSB

**"The Mandate of the British Columbia School System"**


[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.

Canada British Columbia WelcomeBC

Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

# *Ang Mandato ng BC School System*



*Ang layunin ng BC school system ay paganahin ang mga mag-aaral na mabuo ang indibidwal na potensiyal at makamit ang kaalaman, kasanayanan at saloobin na kailangan sa pagbuo ng malusog at maunlad na lipunan at sustainable na ekonomiya.*

## Ang BC School System ay batay sa sumusunod na mahalagang paniniwala at kahalagahan.

- Ang pag-aaral ay nangyayari sa iba't-ibang paraan at galaw.
- Ang pag-aaral ay parehong indibidwal at prosesong panggrupo.
- Ang pag-aaral ay parehong indibidwal at sosyal na proseso.
- Lahat ay maaring matuto at matuto ng sabay-sabay.
- Ang paglalaro ay mahalagang paraan upang matuto.
- Group work is an integral part of school work.
- The amount of homework learners are given depends on their ages.
- Ang pag-unlad ng oral language ay mahalagang bahagi ng pag-aaral.
- Ang mga mag-aaral ay karaniwang inilalagay sa mababang paaralan kasama ng mga kabataan na pare-pareho ang edad.
- Ang pagtuto at pag-access ng impormasyon ay tinuturing na kritikal na kasanayan.
- Ang letter grades ay higit na batayan kesa sa resulta ng mga pagsusulit. Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang brosyur na may titulong **Letter Grades.**

## Mga mahalagang bagay na dapat malaman tungkol sa iba't-ibang age groups

### Sa Kindergarten:

- Hindi nagbibigay ng letter grades.
- Ang pag-aaral ay batay sa laro; at
- Ang pokus ay sa pagbuo ng kasanayang sosyal at pangunahing konsepto.

### Sa Grades 1 hanggang 3:

- Walang letter grades na binibigay;
- Ang pag-aaral ay batay sa tema;
- Ang kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat ay binubuo gamit ang maraming libro at hindi tiyak na textbooks;
- Ang pokus ay sa pagbuo ng oral language, bokabularyo, at kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat;
- Karaniwan ang magkaroon ng isang guro sa lahat ng subject areas; at
- Ang pag-unlad ay naka-pokus sa limang aspeto: karunungan, pisikal, sosyal, artistic, at emosyonal.

### Sa Grades 4 hanggang 7:

- Nagbibigay ng letter grades;
- Kadalasan higit sa isa ang guro;
- Ang mag-aaral ay gumagamit ng textbooks, pero hindi ito ang tanging pinagmumulan ng impormasyon;
- Mas nakatuon sa kasanayang pagbabasa at pagsusulat;
- Mahalaga ang oral language at group work; at
- Inaasahan ang mga mag-aaral na maging responsable sa kanilang pag-aaral at pag-uugali.

### Sa Grades 8 hanggang 12:

- Ang mag-aaral ay may walong subjects at walong guro; at
- Mas inaasahan ang sariling sikap at pagiging responsable.